# Paggamot sa Gitna ng Paggahasa:

## Ang mga Pagamutan Bilang Pook ng Brutalidad at Kabayanihan Noong Labanan Para sa Liberasyon ng Maynila (3 Pebrero – 3 Marso 1945)

Michael Charleston B. Chua

"Hospitals were set afire after the patients had been strapped to their beds. The corpses of males were mutilated, females of all ages were raped before they were slain, and babies' eyes were gouged out and smeared on walls like jelly."[1]

—*Donald L. Miller*

## Panimula

Mahigit kalahating dantaon na ang nakararaan, nabibigla pa rin tayo sa tuwing ating naririnig ang mga kuwento ng brutalidad na tulad ng naisalarawan ni Miller. Mga karanasang tila mga multong ninais kalimutan subalit patuloy na gumigitla sa atin. Sa inyong nabasa, maging ang mga maysakit at ang mga pagamutan ay hindi pinatawad ng karahasan na isinagawa ng mga natatalong Hukbong Hapones sa labanan para sa "Liberasyon" ng mga Amerikano sa Maynila.

Sa tuwing pinag-uusapan ang mga digmaan sa kasaysayan, ating tinitingnan ang pagkilos ng mga kawal, ang mga pinuno, ang mga tagumpay at mga kabiguan sa labanan. Nakakaligtaan na sa likod ng mga nakatalang mga pangyayaring ito sa mga digmaan, ay ang iba't ibang walang pangalang mga tao na naging biktima ng karahasan, o di kaya'y nagsisilbi sa mga digmaan bilang mga kawaning propesyonal.

Bibigyang-pansin natin ngayon ang mga instalasyong medikal noong Liberasyon ng Maynila. Kabilang sa mga minasaker ng Hukbong Hapones ang mga pasyente at kawani ng mga pagamutan. Nadamay rin sa *artillery shelling* na isinagawa ng mga Amerikano ang mga ospital. Nanganib ang mga gusaling ito sa karahasan subalit ang mga doktor at nars ay patuloy na nanilbihan sa mga pasyente, hindi ininda ang panganib na dulot ng labanan. Nang kinailangan sila ng pagkakataon, sinunod nila ang tawag ng panahon, ilan sa kanila'y naging mga martir. Ito ang kanilang kuwento.

## Ang kaugnayan ng mga dalumat ng *bayani* at *kawani*

Sa papel na "Si Andres Bonifacio at ang Kabayanihang Pilipino," ipinakita ni Dr. Zeus A. Salazar na batay sa iba't ibang wika sa Pilipinas, may dalawang batayang kahulugan ng *bayani* sa mga Filipino: 1) "isang di pangkaraniwang tao na nakatuon ang diwa't gawa sa sariling bayan o kabuuang kinabibilangan (sa realidad man o sa kathang-isip)" at 2) "isang nagkukusang makipagtulungan nang walang anumang bayad sa mga gawaing pangkomunidad" (1997, 3-4).

Sa mga wika sa Filipinas, maraming katumbas ang dalumat ng *bayani*. Isang halimbawa ang *bahani'* ng mga Manobo. Ayon kay E. Arsenio Manuel:

> *The bahani' is the genteel and harsh knight of the village whose job is to right wrongs or perform revenge on account of another party after the performance of a ritual act. He may perform his duties either alone or with select companions under his command and responsibility. He does not serve, however, under any particular official nor villager. His services are available to any citizen, lowly, or high, poor or rich, bloodkin or not. He cannot refuse to perform his office if approached...* (2000, 192)

Ang Austronesyanong salita na "bagani" na nangangahulugang "kawalang takot," ay muling binuo (reconstruct) ni Otto Dempwolf mula sa Tagalog na "bayani," ang Malayong "berani" at ang Javanese na "wani." Ukol sa salitang "wani," ito ang paliwanag ni Salazar:

> May kinalaman sa pagtulong, sa kakayanan/kahusayan at sa pagsasaayos ng kabuuan o alinmang gawain ang mga kahulugan ng Javanese (Dyawa) na "*wani*" na hiniram na may ganitong kahulugan sa Malayo. Gayumpaman, binigyang-kahulugan ni Serrano Laktaw ang "*wani*" na "*súplica*" (pakiusap) "*ruego*" (pagsusumamo) sa pandiwang *makiwani* ("magsumamo," "makiusap"), ngunit ang implikasyon ay upang protektahan/bigyang proteksiyon ang nagsusumamo. ...Lahat ng ito ay maiintindihan sa konteksto ng pagtulong ng bayani sa mga mamamayan. Gayundin ang kahulugan ng "pagsasaayos" at "kakayanan" at "kahusayan." Samakatwid, ang tinutukoy na mga kahulugan ng "bayani" ay yaong may kinalaman sa tungkulin ng bayaning magsaayos ng kalagayan ng bayan o ng grupong kaniyang kinabibilangan, tumulong sa kapuwa—lalo na na laban sa panganib, upang protektahan ang bayan at kapuwa (i.e., mga kababayan). Natural lamang na kailangan niya sa mga gawaing ito ang kakayahan... at kahusayan..., bukod sa isa pang katangian na nabanggit din bilang kahulugan ng *wani*: ang "ingat" / "malasakit" / "kabaitan" o "*aseo*" sa Kastila. (1997, 8-9)

Ang "wani" ang salitang ugat ng "kawani" na siyang itinutumbas sa Espanyol na "empleado/a" at Ingles na "employee." Ayon kay Salazar, ayon sa etimolohiya nito, ang salitang "kawani" ay "mas nagpapahiwatig ng tunay na gawain at ng talagang dapat maging katangian ng 'tagapaglingkod ng bayan' (i.e., matulungin, handang tumugon sa

pakiusap/pagsusumamo).... Sa gayon, makikitang may pagkabayani ang kawani kung ito'y tunay na 'lingkod ng bayan(1997, 9)."

Pinag-iba rin ni Salazar ang dalumat ng *Bayani* sa katumbas nitong Kanluraning konsepto ng *Héroe* batay sa kasaysayan ng Kilusang Propaganda at ng Himagsikang Filipino:

> Ang pinakabuod ng lahat ng pagkakaibang ito ay makakatas sa indibidwalismo at preokupasyon ng *héroe* sa sariling "persona," kung ihahambing sa bayani na nakapaloob sa kaniyang sariling grupo at nakatuon lamang at tangi sa pagpapaibayo ng interes ng grupo. ...Ang kilos naman ng bayani ay batay sa ugaling bayan, kung saan mas pinahahalagahan ang pagpapakita ng kababaang-loob at ang pagiging katulad lamang ng ibang kasama. (1997; 36, 39)

Gamit ang dalumat na ito, makikita natin ang mga kawaning medikal noong Labanan Para sa Liberasyon ng Maynila bilang mga tunay na bayani, na hindi naghangad ng anumang kapalit sa kanilang patuloy na paninilbihan sa kabila ng trahedya at kaguluhan, bagkus sinuong ang panganib at patuloy na tinulungan ang mga nangangailangan nang walang inaasahang kasikatan o kapalit. Tunay nilang isinabuhay ang kahulugan ng *bayani* at *kawani.*

## Ang paggahasa sa Maynila: Maikling kasaysayan ng labanan para sa liberasyon ng Maynila[2]

Sa pagdaong ng hukbo ni Heneral Douglas MacArthur sa Lingayen, Pangasinan noong Enero 1945, inihanda ang muling pagbawi sa kabisera ng Perlas ng Silangan—ang Lungsod ng Maynila. Mula sa timog ng Maynila, isang *amphibious assault* sa Batangas ang isinagawa. Mula sa Lingayen, ang 37$^{th}$ Infantry Division and 1$^{st}$ Cavalry Division ay lulusob ng Maynila mula sa hilaga, dadaan ng Tarlac, Pampanga, Bulacan, at noong ika-3 ng Pebrero, nakapasok sila sa Maynila (1730-1800)[3] at noong gabi ay kagyat na napalaya ang *civilian internment* camp sa Unibersidad ng Sto. Tomas (2330) nang hindi masyadong manlaban ang mga bantay na karamihan ay taga-Formosa na nasa ilalim ng opisyal na Hapones.

Noong araw na iyon ng pagpasok ng mga Amerikano, may pagkakahati nang naganap sa Hukbong Hapones. Inatasan na ni Heneral Tomoyuki Yamashita (14$^{th}$ Area Army), Pangkalahatang Tagapamuno ng Lahat ng Hukbong Hapones sa Filipinas, na lumisan ang mga Hapones sa Maynila at tumungo sa kabundukan upang doon na lamang ipagpatuloy ang pakikibaka. Ang Hukbong Katihan (army) ay lumilisan na noon palayo ng Maynila. Samantala, hindi sumang-ayon sa pag-alis si Rear Admiral Sanji Iwabuchi ng Manila Naval Defence Force (na nasa ilalim ni Vice Admiral Denshichi Okochi ng Southwestern Area Fleet) na naniwalang kaya pa niyang ipagtanggol ang Maynila. Dali-daling pinakalat ni Iwabuchi ang 17,000 mga kawal mula sa Hukbong Pandagat, na walang kasanayan sa pakikipagdigma sa lupa.

Ito ang puwersang kinaharap ng 37th Infantry Division at 1st Cavalry Division na kailanman ay hindi pa lumaban sa lungsod subalit may kasanayan at nag-aral ng mga alituntunin nito. Kaya naman, unti-unting nakuha ng mga Amerikano ang iba't ibang mahahalagang instalasyon. Noong ika-5 hanggang ika-8 ng Pebrero, naagaw mula sa mga Hapones ang Novaliches Dam, Balara Water Filters, San Juan Reservoir ng 7th Cavalry Regiment. Nahirapan ang mga Amerikano na makausad patimog sapagkat lahat ng mga tulay ay pinabagsak na mismo ng mga Hapones.

Noong ika-23 hanggang ika-25 ng Pebrero, pagbomba sa pamamagitan ng *artillery shelling* at pagsalakay ang naging taktika ng mga Amerikano sa pagkubkob ng Intramuros sapagkat tumanggi si Hen. MacArthur na *aerial bombardment* ang gamitin upang mabawasan ang pagkawasak na idudulot nito sa lungsod. Sa huling araw, napasakamay ng mga Amerikano ang Fort Santiago. Noong ika-26 hanggang ika-28 Pebrero, naagaw mula sa mga Hapones ang mga gusaling Legislative at Agriculture. Sa pagsuko ng mga nalalabing mga sundalong Hapones sa gusali ng Finance noong ika-3 ng Marso, 1945, "napalaya" ang Maynila.

Ang halaga ng Liberasyon: 1,010 ang namatay at 5,565 ang nasugatan sa mga Amerikano; 16, 665 ang kasawian sa mga Hapones sa taya ng mga opisyal na talang Amerikano (Huber 2001, 109). Habang sa taya naman ng Tokyo War Crimes Trial, ang bilang ng namatay sa Maynila ay 131,028: 23,039 mula sa Hukbong Amerikano, 27,258 mula sa Hukbong Filipino, at 91,184 mga sibilyan (Hartendorp 1967, 557). Ang lubos na nagbaka ng kasawian ay ang mga Manileño, bunga ng walang habas na pagbomba ng mga Amerikano subalit mas marami dito ay idinulot ng mga Hapones na sistematikong nangmasaker ng mga sibilyan sa isang buwan na iyon. Pinaniniwalaang may basbas ng Tokyo.

Matapos ang isang buwan na iyon, ang Maynila ang naging ikalawang pinakagumuhong "Allied" na lungsod sa daigdig, pangalawa lamang sa Warsaw, Poland. Isang buwan kung kailan nagahasa ang Maynila ng brutalidad ng mga Amerikano at mga Hapones. Walang pinipiling lugar o tao ang mga karahasang ito—mula sa mga bata, matanda, babae, lalaki, mayaman, o mahirap. Ang ilan sa mga karahasang ito ay naganap sa mga pagamutan.

## Mga insidente ng brutalidad sa mga pagamutan

Mula sa mga nakalap na mga dokumento at ebidensiya sa paglilitis ng mga kriminal pandigma na Hapones sa Maynila (1945-1947), partikular laban kay Hen. Tomoyuki Yamashita noong 1945, na isinagawa ng Hukbong Katihan ng Estados Unidos sa Kanlurang Pasipiko (*Records of Trials of Accused Japanese War Criminals Tried at Manila, Philipppines By a Military Commission Convened by the Commanding General of the United States Army in the Western Pacific, 1945-47*), may binabanggit na apat na insidente ng brutalidad na ginawa sa mga pagamutan.

Una, noong ika-1 ng Enero, 1945 hanggang ika-17 ng Pebrero, 1945, ang Philippine General Hospital (UP-PGH—ang ospital ng Unibersidad ng Pilipinas, Kolehiyo ng Medisina) sa Ermita na sa mga panahong iyon ay ginagamit bilang isang pagamutan ng

mga sibilyan at pinaliligiran ng mga gusali ng UP at ng Kolehiyo ng Agham. Malakas na tanggulan ng mga Hukbong Hapones ang kapuwa gusali at dito, maraming mga nasawing mga pasyente at sibilyan dahil sa mga putukan at mga bombang Amerikano na bumabagsak sa UP-PGH na lumalampas at nagkukulang sa mga target na moog ng mga Hapones. Ang mismong harapan ng ospital hanggang sa *South Gate* nito ay nilagyan ng mga trintsera (trenches) (Paglilitis kay Yamashita, Bill of Particular No. 12).

Pangalawa, noong mga ika-10 ng Pebrero, 1945, sa tahanan ng mga nars sa Philippine General Hospital sa Ermita, paggahasa sa mga babaeng sibilyan (Paglilitis kay Yamashita, Bill of Particular No. 14).

Pangatlo, sa panahon mula bandang ika-6 hanggang mga ika-8 ng Pebrero, 1945, sa loob mismo at sa paligid ng National Psychopatic Hospital, Mandaluyong, Lalawigan ng Rizal, brutal na tinrato at saka pinatay, nang walang dahilan o paglilitis, sina Tomas Aguinaldo, Tomas Corpus, Padre Lafarrier, Isidro Laguelles, at 17 iba pa, lahat hindi armadong mga sibilyan. At ang paggahasa at brutal na pagpatay, nang walang dahilan, sa isang sibilyang doktor na babae (Paglilitis kay Yamashita, Bill of Particular No. 19).

At pang-apat, noong mga ika-10 ng Pebrero, 1945, sa loob mismo at sa paligid ng gusali ng Philippine Red Cross sa kanto ng Daang Isaac Peral at Hen. Luna sa Maynila, pagmasaker at pagpatay, nang walang dahilan o paglilitis, ang higit 53 mga lalaki, mga babae at mga bata at pagsugat at tangkang pagpatay sa 4 pang katao, lahat ay mga di-armadong sibilyan; at ang walang saysay na pagsunog at pagsira sa nasabing gusali at mga kagamitan sa loob nito (Paglilitis kay Yamashita, Bill of Particular No. 30).

Liban pa sa apat na insidente, mayroon pang ibang nabanggit sa ibang mga batis. Ang Quezon Institute na inilipat noong 1942 sa Ospital ng San Juan de Dios at sa panahon ng liberasyon ay inilikas sa ROTC Armory ng Unibersidad ng Maynila, ay nilusob din ng mga Hapones noong ika-21 Pebrero, pinasabugan ng granada ang mga pasyente at mga doktor, at ang mga nakaligtas ay binayoneta. May iilan na mahimalang nakaligtas (Escoda 2000, 318; Agoncillo at Guerrero 1977, 482). Sa Looban Asylum nagtungo ang libo-libong mga *refugees*—marami sa kanila kababaihan at kabataan, upang magkubli at sinamahan ang mga maysakit at mga baliw na inilipat doon mula sa Hospicio de San José. Sa paglapit ng puwersang Amerikano, tinamnan ng mga mina ang paligid ng gusali ng mga arsonistang Hapones. Kinandado ang mga tao sa loob ng pagamutan at sinunog ito. Ang mga nagtangkang tumakas ay sinalubong mga mga tama ng bala mula sa mga *machine gun* na naghihintay sa kanila sa labas (Ang 2005, 160-161).

Ang mga detalye ng ilan sa mga insidenteng ito ay tatalakayin sa mga susunod na bahagi ng papel.

## Brutalidad sa National Psychopatic Hospital[4]

Ang National Psychopatic Hospital, na matatagpuan sa Mandaluyong, na dati ay nasa Lalawigan ng Rizal, ay isang pagamutan para sa mga baliw. Ngunit, tila ibang klaseng kabaliwan ang pumaroon noong mga ika-6 hanggang mga ika-8 ng Pebrero, 1945. Ang kabaliwan ng brutalidad ng digmaan.

Ayon sa mga tala, isang pangkat ng mga sundalong Hapones na pinangunahan ng kanilang mga opisyal ay lumusob sa pagamutan at 35 sibilyang mga empleado ng pagamutan ang binayoneta at binaril, habang ang iba naman ay itinapon sa isang bangin na kalapit ng ospital, imbes na barilin at saksakin, na lubos na ikinatuwa ng mga Hapones. Sinasabing tumagal ang pagpatay ng ilang araw dahil ninamnam ng mga Hapones ang bawat sandali nito (Escoda 2000, 182).

Nasaksihan ni Lucio Marcelo, 51 taong gulang, may-asawa, ang pagpasok ng mga Hapones at tumestigo sa paglilitis. Ayon sa kaniya, mga 12:30 hanggang 1:00 NH nang pumasok ang isang pangkat ng mga sundalong Hapones kasama ang 5 hanggang 6 na mga opisyal Marino, na dali-daling kumalat sa iba't ibang gusali at lugar ng pagamutan. Nakalabas ang kanilang mga riple, mga pistola, mga espada, ang ilan ay may sibat, at may dalawa silang *machine gun*. Lahat ay nakahandang kumitil ng buhay.

Nakita ni G. Marcelo ang isang pasyenteng babae. Ang baliw ay nag-iiyak at sumigaw sa pagkalito. Nakatangap siya ng dalawang suntok at mga sipa. Isa pang pasyenteng kaniyang nakita na nakilala niyang si Pedro Morro ay na-*judo* ng isang opisyal. Bumagsak at tumama ang kanyang ulo sa sahig. Sa paglabas ng dugo mula sa kanyang mukha, sinipa naman siya sa mukha.

Nakita rin ni G. Marcelo ang pagkuha sa limang tao mula sa isang kuwarto at itinali ang mga ito. Kinabukasan, nakita niya ang 17 hanggang 18 katao sa may bangin, mga empleado at pasyente, wala nang buhay.

Isa pang testigo sa masaker ay si Dr. Toribio Joson, na sa mga panahong iyon ay *Department Medical Officer* at matapos ang digmaan naging *Chief Psychiatrist* ng ospital. Ayon sa kaniyang pagtaya, apat na empleado at pitong pasyente ang, sa kaniyang pagkakaalam, sinunog. At binanggit niya ang mga pangalang Marcial Surrell, Tomas Corpus, Tomas Aguinaldo, Isidro Laguelles, at Honorato Natividad.

Isa pang testigo ay si Bb. Maxima de Castro, 34, isang *ward attendant*. Nakita niya ang pagsaksak sa katawan ng dalawang sibilyan saka sinipa upang mahulog sa bangin.

## Brutalidad sa gusali ng Red Cross[5]

Ang gusali ng Red Cross sa Maynila na matatagpuan sa kanto ng Daang Isaac Peral (Ngayo'y UN Avenue) at Heneral Luna, sa panahon ng Labanan Para sa Pagpapalaya ng Maynila, ay naging isang *emergency hospital* at kublihan mula sa labanan para sa mga sibilyan sa lugar malapit doon. Dahil dito, nais ng mga Hapones na manghina, kundi man pigilin ang operasyon ng Red Cross sa pamamagitan ng pagpigil na iwagayway ang bandilang krus na pula. Hindi rin pinahintulutan ng mga Hapones ang paglalagay ng krus na pula sa gusali.[6] Sa mga araw bago mag ika-10 ng Pebrero, 1945 binarikadahan ng mga Hapones ang mga kalsada at pinagbabaril ang sinumang makita. Kahit na ganoon, maraming tao pa rin ang tumungo sa gusali ng Red Cross upang magpagamot at ang mga operasyon ay isinagawa ng mga hapong-hapong mga doktor at mga nars na kulang sa tulog at pagkain, pati na rin ng suplay ng gamot.

Ayon sa mga dokumento at testimonyang nakalap ng paglilitis kay Yamashita: Noong ika-10 ng Pebrero, sa ikawalong araw ng labanan, punong-puno ang gusali—mga 50 hanggang 100 mga sibilyan ang nasa loob ng gusali, kabilang sa grupo ang isang doktor, isang *volunteer* na doktor ng Red Cross, 2 nars ng Red Cross, at iba pang katuwang sa operasyon ng nasabing pagamutan, at ang maysakit at sugatan.

Ayon sa mga saksi, sa pagitan ng 5:00 hanggang 6:00 ng hapon,apat na kasapi ng Hukbong Hapones (bagama't ayon sa ibang patotoo ay isang iskuwadra) ang tumungo sa gusali. Sa pagpasok pa lamang nila, bumaril na sila at may tinamaan na kaagad na batang maliit. Nang puwersahan nilang mabuksan ang pintuan ng gusali, sinimulan na nila ang pagbayoneta at pagbaril sa lahat ng makitang gumagalaw.

Dalawang taong nakapagsasalita ng wikang Nihonggo ang nagtangkang magpaliwanag sa mga Hapones na ang lugar ay sa Red Cross at itinuro ang doktor. At kahit pa hindi gawin ito, kitang-kita ang *insignia* ng Red Cross sa braso ng mga nars at sa paligid ng gusali.[7] Sa kabila nito, nang walang dahilan, 50 o higit pang katao kabilang ang mga ina, bata at iba pang sibilyan ang pinagbabayoneta at pinagbabaril nang walang awa. Sa pagtaya naman ng paglilitis, mga 65 ang pinatay sa masaker, kabilang ang mga sanggol na sapilitang inagaw mula sa kanilang mga ina at sa kanilang harapan ay binayoneta, at ang mga Hudyong Aleman na binayoneta at pinatay sa granada sa banyo ng ikalawang palapag ng gusali (Escoda 2000, 159-160).

Ilang araw matapos ang masaker, sinunog ng mga Hapones ang gusali. Sinasabing ito ay upang mapagtakpan ang ebidensiya. Subalit kahit anong pagkukubli, hindi mapatahimik ang katotohanan mula sa mga nabuhay na saksi.

Sa isang hiwalay na pagsiyasat ukol sa pagkakasunog ng Maynila, nagbigay ng *affidavit* si Modesto Farolan na sa mga panahong iyon ay tumatayong manager ng Philippine Red Cross:

> *A squad of Japanese entered the Red Cross building and began to shoot and bayonet everybody they found in the building... Before we knew what had happened, a soldier with a drawn bayonet, came into the temporary combined office-operating room-ward where I was and all of us... First, Dr. de Venecia was shot twice while he was seated at his corner. The soldier next aimed at the refugee-attendant beside him but missed her, but she threw herself over to where the two nurses had covered themselves with mattresses... One bayonet thrust finished each one of them. Looking underneath my desk, the soldiers fired two shots at me but the bullets passed between my feet... After me, he shot a young mother with her 10-day old baby.* (Custodio 1999, 176)

Isa sa mga tumayong saksi para sa paglilitis ni Yamashita ay si Patrocinio Abad, isang magandang aktres na mas kilala sa tawag na Corazon Noble, 26 na taong gulang ng 133 Blumentritt St., San Juan, na sa panahon ng insidente karga-karga niya ang kaniyang

sanggol. Ayon sa kaniya, may mga isandaang katao sa loob ng gusali kabilang ang isang Doktor de Venecia, at ang nars na si Bb. Andaya nang pumasok ang apat na Hapones. Dahil sa kaniyang pamilyaridad sa mga uniporme ng mga Hapones, kaniyang nakilala na sila ay mga kabilang sa Hukbong Pandagat—ang apat ding Hapones na dumating sa gusali nang 10:00 ng umagang iyon upang mamigay ng mga *candy* at mga *cookie* sa mga bata. Sa pagpasok ng mga Hapones, nagtago si Bb. Abad kasama ang kaniyang sanggol sa likod ng isang kabinet ngunit nabaril pa rin siya sa kaniyang kanang balikat. Lumapit sa kaniya ang isa sa mga Hapones at binayoneta siya—siyam na beses—sa kaniyang dibdib, ribs, sikmura, hita, at likuran. Ang kaniyang anak na kaniyang ikinubli sa ilalim ng kaniyang katawan, ay nagtamo ng tatlong saksak at nabuhay pa hanggang ikaapat na oras matapos ang masaker (Siya marahil ang tinutukoy na babaeng may sanggol sa *affidavit* ni Farolan). Nakita rin niya ang nars na si Bb. Andaya na binabayoneta. Matapos ang lahat, nakita niya ang 25 hanggang 30 kataong nakahandusay sa pasilyo—kababaihan at kabataan.

Ang Bb. Andaya na tinutukoy ay si Glicera Andaya, na tumestigo rin sa paglilitis. Ayon sa kaniya, ang araw na ika-10 ng Pebrero, 1945 ang pinakaunang araw niya sa Red Cross. Nang dumating ang mga Hapones noong hapon na iyon, sinabi niya sa kanila na walang ibang tao roon kundi mga *refugees*. Siya pa rin ay sinaksak. Apat na araw siyang walang malay sa loob ng gusali. Sa kaniyang paggising, nasusunog na ang gusali. Mabuti at hindi siya napabilang sa kaniyang tinatantiyang 40 katao na namatay sa insidente.

## Mga kuwento ng kabayanihan ng mga doktor at nars sa Philippine General Hospital[8]

Higit isang buwan bago dumating ang mga Amerikano sa Maynila, Bagong Taon ng 1945, dumating ang mga sundalong Hapones sa ospital ng Unibersidad ng Pilipinas Kolehiyo ng Medisina, ang Philippine General Hospital (UP-PGH). Ang pagamutan ng mga sibilyan ay inokupa ng ilang sundalong Hapones, at nagtatag sila ng mga trintsera sa harapan nito.

Ang Direktor ng UP-PGH, si Dr. Antonio G. Sison, ay tumestigo sa paglilitis matapos ang digmaan. Ayon sa kaniya, inokupa ng 50 mga sundalong Hapones (mga kalahati ng isang kompanya) ang gusali ng *dispensary, out-patients department* at nagtatag ng tanggulan na may mga *machine gun*. Ayon kay Dr. Sison, nang dumating ang mga Amerikano sa Maynila noong ika-3 ng Pebrero, ang pagamutan ay may 9.000 pasyente, liban pa sa mga doktor at staff. At dahil naroon sa bukana ang mga Hapones, nanganib ang lahat ng 9,000 sa putukang mangyayari.

Sa pag-okupa ng mga Hapones, iginiit ni Dr. Sison na hindi maaaring gamitin ang ospital para sa mga gawaing militar. Pinanghawakan ng mga Hapones ang pahintulot mula sa Gobernador-Militar ng Maynila at pinagbawalan si Sison na tumanggap ng mga *refugees*. Hindi ito sinunod ni Sison, na patuloy na tinanggap ang sinumang kumakatok anuman ang kanilang lahi (Aluit 1995, 187).

Nang aksidenteng mahulog noong ika-7 ng Enero sa isang bangin ang sasakyan ng isang negosyanteng Hapones na si Kiyoshi Osawa, na maghahatid ng mga suplay ng langis sa

Hukbong Hapones sa Lungsod ng Baguio, siya ay itinago ni Dr. Sison sa loob ng ospital sa takot na masaktan ng ibang Filipino. Nang siya ay mawalan ng malay sa loob ng 21 araw, pinabantayan niya ito sa isa pang Hapones na si Tatsunori Uewaki, na kapatid ng kaniyang dating estudyante sa medisina, at sa ilang mga nars. Sa pagtatapos ng digmaan, ang magaling nang si Osawa ay bumalik sa Hapon. Noong Setyembre 1959, babalik siya ng Filipinas upang makipag-ugnayan sa mga dating kaibigan at noong 1976, itatatag ang mga korporasyong Fil-Japan Shipping at Fil-Japan Trading (Aluit 1995, 154-155, 320-321, 412).

Ayon kay Aluit, mula ika-3 ng Pebrero hanggang mapalaya ang UP-PGH noong ika-17 ng Pebrero, ginawa ng ospital ang lahat ng makakaya upang maayos pa ring mapatakbo ang ospital. Hindi lumisan kahit minsan si Dr. Sison sa mga panahon na ito. At nang siya ay nagpapagaling sa St. Joseph Hospital, kaniyang sinabi:

> *Operations were made, cases treated, despite the almost insurmountable difficulties.... Life in the hospital was bedlam, every Japanese soldier or sergeant or anyone with a sword, was giving orders and counterorders. They would speak to me with a bayonet pointed at my chest.* (Aluit 1995, 321)

Maging ang mga nars ay nagpatuloy sa pagsisilbi sa mga pasyente sa kabila ng matinding takot. Noong ika-10 ng Pebrero, nilusob ng mga Hapones ang tahanan ng mga nars at ginahasa at pinatay nila ang mga okupante nito. Sa loob mismo ng UP-PGH, naghasik ng lagim ang mga Hapones ayon kay Bb. Almania, isang *nursing assistant*:

> *At night, Japanese soldiers came into the ward looking for women, and violently stabbed their bayonets into a bed or on the walls, just to scare the people. We used to hear a woman or several of them screaming almost very night. There were about 50 of us, all scared to death, who used to sleep in the narrow corner under the stairwayhuddled against one another. The doctors were on guard outside to protect us.* (Aluit 1995, 275)

Liban sa mga tradisyonal na batis ukol sa digmaan tulad ng mga opisyal na dokumento, dokumento sa paglilitis at mga aklat, isang maaaring maging mayamang batis ukol sa mga pangyayari noon sa Maynila noong 1945 ay ang mga pasalitang kasaysayan at impormal na mga salaysay na batay sa alaala. Utang natin kay Dr. Conrado S. Dayrit, respetadong *cardiologist-pharmacologist*, ang kaniyang pagsinop ng kasaysayan ng pagamutan noong Liberasyon. Sa pamamagitan ng mga dokumento, sariling gunita at panayam sa kaniyang mga *batchmate* at kasama sa UP-PGH na nakasaksi sa pangyayari, isinulat niya ang mga ito sa ilang impormal na mga sanaysay ukol sa Kasaysayan ng UP Manila, kabilang na ang sanaysay na "The UP Medical Professionals During The Japanese Occupation." Dito tayo mayroong larawan ng kabayanihan ng mga doktor na literal na nasa gitna ng digmaan.

Ang UP-PGH ay tila nahatulan nang mawasak sa pagdating ng mga kanyong *155* ng mga Amerikano. Dalawang linggong nabomba ng mga Amerikano ang pagamutan, mula ika-3 hanggang ika-17 ng Pebrero, 1945. Ayon kay Dr. Dayrit, marahil ito ay dahil sa maling

impormasyon na may malaking puwersa pa rin ng Hapones na naroroon:

> *So as far as PGH is concerned... there were not too many Japanese in PGH... The destruction of Manila by the Americans, many times, were overdone, because of wrong information to them by our guerillas. They thought that there were many many Japanese in PGH so they bombarded, although the people in PGH were mostly civilians and the doctors.* (2006)

Sa kabila ng *artillery shelling*, ang lahat ng mga siruhano (*surgeons*) na nasa ospital ay nasa 24-oras na mobilisasyon upang gamutin ang mga sugatan habang ang ibang pasyente, tauhan, at mga istap ay nakatago sa mga *crawl spaces* sa ilalim ng *basement* ng pagamutan, at maging sa ilalim ng mga konkretong pader at poste ng mga gusali. Kinalaunan, nagkubli rin sila sa Cancer Institute (Dayrit 2003, 19-20). Isang pangkat ng mga siruhano—sina Dr. Enrique García,[9] Victor Reyes,[10] Cesar Jacinto,[11] at Ordonio Reyes,[12] ang nagpakita ng kakaibang tapang. Walang kaba nilang pinagpapatuloy ang kanilang mga operasyon, hindi alintana ang mga bombang sumasabog sa paligid. Iba naman si Prop. Dr. Manuel N. Tuason ng Urology na kabilang sa mga mayayamang Tuason sa Maynila. Sa tuwing bumabagsak ang mga bomba, makikita ang kaniyang panginginig. Subalit sa kabila ng makikitang takot sa kaniyang mga mata, itinutuloy niya ang operasyon. Ayon kay Dr. García, "Yan ang katapangan!"

Ang ibang doktor ay hindi nagkasya sa panggagamot. Tulad ni Dr. Dayrit, si Dr. Roy Villasor[13] ay kabilang sa Batch '43 at Kawaksing Propesor (Assistant Professor) sa Pharmacology. Malapit lang ang kaniyang tahanan sa UP-PGH. Noong ika-3 ng Marso, 1995, pinarangalan siya ng Pang. Fidel V. Ramos ng isang pagkilala:

> *For exemplary patriotism and courage during World War II when, as a medical doctor from the Philippine General Hospital, he converted his house into a hospital for the wounded and civilian refugees, planned and executed the mass escape of about one thousand (1,000) men, women, and children, including more than a hundred Spanish nationals, who faced the threat of being massacred in the neighborhood; and*
>
> *For his act of extraordinary heroism during the Battle for the Liberation of Manila by providing the much-awaited intelligence information to the hesitant United States of America Liberation Forces, as a consequence of which, he was asked to lead the 637th Tank Destroyer Battalion, 37th Division, 6th Army, into battle to liberate the Manila City Hall and Intramuros.*
>
> *His timely act of uncommon valor in the face of sure death, accelerated the liberation of thousands of desperate hostages, who could have been executed had there been further delay.*[14]

Si Dr. Honorato Quisumbing, anak ng Pambansang Siyentipiko Eduardo Quisumbing at Pangulo ng Class '45, ang masasabing nag-iisang bayaning martir sa mga propesyonal

na manggagamot sa UP-PGH. Sinipi ni Dr. Dayrit sa kaniyang sanaysay ang isang parangal sa kaniya na nakatala sa *1995 UPMAS Yearbook*:

> *During the liberation of Manila in 1945, Honorato Quisumbing, called "Rety," a medical intern at PGH, attempted a courageous and desperate mission to the Cancer Institute next to the hospital to secure medicines and medical supplies. As he was crawling accross the open walkway connecting Floor 5 to the Cancer Institute, a soldier of the American Liberation Forces mistook him for a Japanese and shot him. He died instantly. The day was February 17, 1945, the day PGH was liberated. Rety became the lone staff war fatality at the hospital.*
>
> *What is noteworthy is that this last, heroic, tragic act of Rety was not unusual or singular as far as his life is concerned. Rather, it was the culmination of a whole life dedicated to the needs of others.*
>
> *...However, it was during the later days of the Japanese Occupation that the true strength and depth of his spirit shone forth.... He was all over the hospital, day and night, tirelessly ministering to the sick and injured, comforting those in pain. He was exploring every avenue to warn those who were shelling and bombing that the building was a hospital and not a military compound. He even wanted to go to the rooftop to put up a Red Cross sign but was dissuaded, for it means certain death....*
>
> *During these last days of his life, he fully exemplified the doctor he always aspired to be: a man of service, compassionate and resourcefulness. He achieved the vision he lead for himself and his classmates.* (Dayrit 2002, 261)

Sinasabing ang mga Amerikanong lumusob noong araw na iyon ay nabigyan ng maling impormasyon na lahat ng mga Filipinong mga pasyente at sibilyan sa UP-PGH ay patay na, at ang mga Hapones ay nagsusuot ng mga damit ng mga doktor. Ayon sa mga kuwento, nang marinig ng Amerikanong sundalo ang katauhan ng taong kaniyang napaslang, siya ay umiyak. Subalit nilinaw ni Dr. Dayrit, "*Nobody knows who killed him, who shot him. Because he was going from one [building] to another.* Siguro Amerikano! *Most probably American.*" (2006) Sinuman ang bumaril sa kaniya, hindi maiaalis ang katotohanang namatay siya habang ginaganap ang tungkuling maglingkod sa kabila ng panganib (Dayrit 2002, 262).

Ito naman ang kuwento sa akin ni Dr. Dayrit ukol sa nangyari sa kaniya matapos lumisan ng UP-PGH noong ika-4 ng Pebrero:

> *The Americans came in February 3, I was in PGH. The Americans captured UST, and Malacañang Palace. The next morning, we left PGH... I have to go home to San Juan where my mother was alone. We passed Sta. Ana, all the bridges across the Pasig were already guarded by Japanese sentries*

*and mine, we took a bangka across the Pasig. I arrived home 3:00 in the afternoon, we left 8:00 in the morning. We walked on the way. Nakarating ako sa bahay ko sa San Juan mga alas tres. On the way we passed Japanese sentries, but it was very quiet.*

*The bombardment of PGH occurred after I had gone. And I did not go back again to PGH, until after it was liberated. In the meantime, we formed the PCAU units and I worked in (Philippine Civil Affairs Unit) PCAU-1. At first, PCAU-1 was put on St Joseph's College but the facilities were no good so we transferred to the Philippine Psychopatic Hospital... We were given one big big big pavillion that's where we put all civilian casualties. And I took care of the civilian casualties there. Two weeks later, PGH was liberated after having been bombarded all the time, and the doctors in PGH many of them joined us in PCAU-1.* (2006)

Bagama't wala na sa eksena sa UP-PGH sa panahon ng mga labanan, nakapagsilbi pa rin si Dr. Dayrit sa mga sibilyan ng digmaan sa PCAU-1, isa sa sampung pagamutan ng PCAU na itinatag ng Hukbong Amerikano sa panahon ng Liberasyon na nasa Philippine Psychopatic Hospital na kailan lamang ay nakaranas ng matinding karahasan mula sa mga Hapones. Sa pagkakalaya ng UP-PGH at paglipat ng mga doktor at kawani mula doon, lalong lumakas ang puwersa ng mga voluntir. Marami sa mga isinugod ang may mga karamdaman, ngunit marami rin sa mga sugatan ang nagkaroon ng tetano. Walang doktor sa PCAU-1 ang may karanasan na pagdating sa tetano. Si Dr. Dayrit, katuwang si Paulo C. Campos,[15] isang *undergrad* na *intern*, ang gumamot sa mga ito. Ang batang Dayrit lamang ang maaaring humawak ng mga kaso dahil sa kaniyang kaalaman sa *pharmacology*. Kamangha-mangha ang nangyari:

*Because there was no Antitetanic Serum (ATS), or anti-convulsants available, the patients had to be sedated by intravenous alcohol drip or by Pentothal Sodium that was used for general anaesthesia. (The Army had no need for ATS since all the soldiers were immunized with tetanus toxoid which produces slow but long lasting immunity). It took almost one week before a few precious vials of ATS arrived. Fortunately, it was soon found out that a single 20,000 units of ATS was enough to control and cure. When more ATS arrived, the dose was raised to 40,000 units. Those were exceptionally low doses, indeed, compared to present regimens of several hundred thousand units. Miraculously, all the patients, except two, were saved; the two died before ATS could arrive. There was only one patient who required 100,000 units total before his convulsions abated.*(Dayrit 2002, 52-53)

## Ang buong Maynila ay pagamutan: Mga iba pang bayaning kawaning medikal

May mga kawaning medikal na hindi lamang ospital ang naging pook ng panggagamot. Ang larangan ng brutalidad at labanan sa Maynila ang kanilang naging pagamutan, at sa maraming pagkakataon, sila ay humigit pa sa kanilang tungkulin upang pagsilbihan ang kapuwa at ang bayan.

Si Dr. Antonio Obieta Gisbert, nang dumating ang liberasyon, ay isang bagong gradweyt na doktor mula sa Unibersidad ng Sto. Tomas. Ang kaniyang kapatid na si Juan Gisbert ay aksidenteng natamaan ng isang bala mula sa isang baril na 22mm ng isang Amerikanong eropiano noong ika-21 Setyembre, 1944, ang sinasabing pinakaunang Filipinong nasawi sa pinakaunang araw ng pambobomba ng mga eroplanong Amerikano sa Maynila. Noong ika-19 ng Pebrero, 1945, ang kaniyang ama na si Antonio, Sr. at ang kaniyang kapatid na si José ay kasama sa mga walang-awang papaslangin ng mga Hapones habang nakakulong sa magkahiwalay na mga *air raid shelter* (Palacio del Gobernador at Katedral ng Maynila kapwa). Ang kaguluhan at personal na kawalan ay hindi pumigil kay Dr. Gisbert na patuloy na pagsilbihan ang kapuwa ng walang kapalit (Escoda 2000, 94-95, 274-276).

Ilang buwan bago ang liberasyon, si Dr. Gisbert ang gumuhit ng mga posisyon ng malalaking baril na *anti-aircraft* ng mga Hapones sa Intramuros na kaniyang nakikita habang inilalabas sa mga pader nito ang kaniyang dalawang babaeng kambing. Ginawa niya ito sa hiling ni Josephine "Joey" Guerrero, isang ketonging asawa ng kaniyang kaibigang doktor na si Dr. Renato Guerrero, na ginamit ang kaniyang karamdaman upang makapasok sa mga maseselang instalasyong Hapones sa Port Area. Hinatid ni Dr. Gisbert ang kaniyang mga guhit sa bahay ni Joey na nasa ibabaw ng isang himpilan ng Kempei-tai sa pamamagitan ng pagkukubli ng mga guhit sa saplot ng kaniyang balikat. Si Joey pala ay bahagi ng Allied Intelligence Bureau (AIB) at matapos ang digmaan ay naparangalan ng Estados Unidos ng *Medal of Freedom*. Ang mga impormasyon na naibigay nila ni Gisbert ay pinaniniwalaang nagamit ng mga Amerikano sa kanilang pagbomba sa Maynila na nagsimula noong ika-21 Setyembre, 1944.[16]

Kabilang ang mga Gisbert sa mga pamilya sa loob ng Intramuros na ginising ng mga Hapones noong madaling araw ng ika-5 ng Pebrero, 1945 upang lisanin ang kanilang mga tahanan at tumungo sa Simbahan ng San Agustin. Ilang araw ang lilipas, ang kalalakihan mula sa kanila ay dadalhin sa Kuta Santiago. Noong ika-9 ng Pebrero, si Dr. Gisbert, na may suot-suot na 4"x 5" na *insignia* ng krus na pula sa kaniyang dibdib, ay inatasan ng mga Hapones na magsilbi sa pagamutan ng Kuta Santiago. Kinuha niya ang pagkakataon na hilingin sa mga Hapones na bigyan ng tubig ang mga nagugutom at nauuhaw na mga bihag. Kasama ang isang nagngangalang Fernando Ocejo at iba pang kasama, kumuha sila ng tubig at ipinamahagi sa libo-libong kasamang bihag. Subalit habang nasa balon, si Ocejo ay tinamaan ng isang pagsabog at hindi naglaon ay nasawi (Escoda 2000, 152-153, 200-201). Ibinalik ang ilan sa mga bihag sa San Agustin.

Nahiwalay noong ika-18 Pebrero sa kaniyang ama at kapatid si Dr. Gisbert nang siya ay hilinging huwag lisanin ang Simbahan ng San Agustin upang patuloy na manggamot kasama ang kaniyang kabiyak na nars na si Agerica Limlengco Gisbert, at ang kanyang *mentor* na si Dr. Jesus Azcona. Dahil dito ay nailigtas siya mula sa kamatayan. Dahil din dito, nasaksihan niya ang pinakamadugong pagkanyon sa Intramuros noong 21 Pebrero, 1945 nang ang *cloister* ng Monasteryo ng San Agustin, kung saan nagtago ang 100 katao, ay tinamaan ng Amerikanong basyo (artillery shell). Nakita ni Dr. Gisbert ang 50-katao na wala nang buhay kabilang na si Dr. Azcona na nakayakap sa kaniyang 20-taong-gulang

na anak na babae. Dahil wala nang kalalakihang bihag sa San Agustin, humingi ng tulong si Dr. Gisbert sa mga patutot (prostitute) sa paglilibing sa mga namatay at sa paggamit ng kanilang mga koneksyon sa mga Hapones upang makakuha ng mga kumot, alak upang maging *disinfectant* at mga *bandage* para sa maysakit. Sa kabila ng kakulangan ng mga kagamitan, walang takot na nagpaluwal ng isang sanggol ang doktor sa pamamagitan ng operasyong *Caesarian* (Escoda 2000; 270, 281-282).

Ika-3 ng Pebrero, ang Harris Memorial Building sa Daang Lerma, kung saan naroroon ang Red Cross Children's Home No. 3, ay nanganib sa putukan at pagkasunog ng lugar. Ang gusali ay isa sa tatlong itinatag ng Red Cross noong mga huling buwan ng 1944 na nagkukupkop ng mga batang naulila at naiwan sa kalye. Inilikas ni Dr. J. Horacio Yanzon ang 27 mga bata na nasa kaniyang pag-aalaga. Pinayapa niya at pinapila ang mga bata at pinangunahan ang mga ito sa paglalakad. Ang krus na pula sa ambulansiya na nangunguna sa kanila ang nagpatigil sa mga Amerikano sa pagpapaputok. Nakarating sila nang ligtas sa Manila Hospital, subalit nang dalawang Amerikanong basyo ang sumabog sa ospital, muling isinakay ng doktor sa isang ambulansiya at isa pang sasakyan ang mga bata at nailigtas mula sa putukan. Wala ni isa sa kanila ang nagalusan man lang. Si Dr. Yanzon ang naging pinakaunang Filipinong *General Manager* ng Philippine Red Cross Society noong 1947 (Aliut 1995; 165, 216, 410).

Noong ika-8 Pebrero, isang Amerikanong basyo ang tumama sa Red Cross Children's Home No. 1 sa 1132 sa kanto ng Daang California at San Marcelino sa Ermita. Sa labas, walang habas ang pagpatay na ginagawa ng mga Hapones sa mga sibilyan, walang humpay ang putukan, at ang mga kabahayan sa paligid ay patuloy na nasusunog. Nasa 20 taong gulang lamang ang pinuno nito na si Teresa S. Nava, katulong ang pitong iba pa, nang ilikas nila ang 39 na bata, idinaan sa mga bakuran at ilalim ng mga kabahayan hanggang sila ay makarating sa isang bahay sa kanto ng Daang Herran at Colorado. Dito nila nakita ang kanilang pinagmulang bahay na kinakain ng apoy. Kulang sa pagkain, walang gamot, at ang kakaunting tubig ay para lamang sa mga sanggol at batang pinakamalala ang karamdaman, ang mga nahintakutang bata ay muling nanganib nang tuluyang masunog ang mga kabahayan sa paligid. Noong ika-11 ng Pebrero, muling inilikas ni Bb. Nava ang mga bata. Gamit ang dalawang maliit na pulang tela na idinikit sa isang puting bimpo, nakagawa siya ng isang bandilang krus na pula na kanyang ikinabit sa isang kawayan. Hawak ito at isa pang bata, pinangunahan niya ang pagmartsa ng kaniyang mga alaga. Sinamahan sila ng iba pang mga tao sa kanilang paglakad patungo sa UP-PGH. Malapit lamang ang UP-PGH sa kanilang pinagmulan subalit ang napaliligiran sila ng mga katawan ng mga nasawi. Sa pag-ulan ng Amerikanong basyo, kinaiiangan nilang tumigil upang dumapa at hintayin na tumigil ang pag-ulan ng mga ito. Sa isang kakatwang pagkakataon, pinanood lamang ng mga Hapones ang prusisyon ng mga bata. Kalagitnaan na ng hapon nang makarating sila sa ospital, apat na bata ang nawala sa kanilang prusisyon. Noong ika-17 ng Pebrero, 26 na lamang na bata ang matitira. Ang ilan ay namatay sa sakit na sinamahan pa ng gutom, pagod, at takot habang isa ang namatay at dalawa ang sugatan nang hagisan ng mga Hapones ang kanilang silid ng Granada (Aluit 1995; 215-216, 264-265, 322).

## Pagkawasak at pagkasawi: Hindi lamang mga Hapones

interesante at mahalagang maintindihan ang pananaw ni Dr. Conrado S. Dayrit sa mga pangyayari noong Liberasyon bilang isang taong may kinalaman sa mga bagay na ating natalakay sa naunang bahagi ng papel. Taliwas sa mga dokumento at patotoo sa paglilitis ni Yamashita ng kanilang pinuno sa UP-PGH na si Dr. Sison, tila hindi na maalala ni Dr. Dayrit ang pagtungo ng mga Hapones noong Enero 1945, at nagtungo lamang ang mga Hapones doon dahil sa pagdating ng mga Amerikano noong ika-3 ng Pebrero:*"ala sila sa PGH nun. It was only after February 3, the North side of Pasig where already in the hands of Americans. The Japanese withdrew to the south side, that was when... And then they mined all the bridges"* (2006).

Wala na siya sa UP-PGH upang masaksihan ang nangyaring paggahasa at pagpatay sa tahanan ng mga nars noong ika-10 ng Pebrero. Wala rin siyang nalalaman ukol sa paglusob ng mga Hapones sa mga pagamutan. Ayon sa kaniya:

> *If you're talking of PGH, there were not so many people who were killed by the Japanese in PGH and those who were killed might have been due to the crossfire. Unlike in Paco, and unlike in La Salle,* talagang pinagpapatay nila, 'yung mga *Japanese... They did not do that much in PGH. In the first place, the Japanese for all of their* kwan, *have a high regard for doctors. Remember my classmate Michinosuke Amano? He taught us the moment you say you're a doctor, the sentry bows to you... They know that the doctors were there, and the patients where hiding in the crawl spaces, wala naman sila sa mga beds, they were down there under the first floor.* (2006)

Para kay Dr. Dayrit, ang pagkasira ng Maynila ay idinulot ng pagdating ng mga Amerikano:

> *You know, for all the so-called atrocities. I don't think there were too many atrocities until the American Forces came to liberate.* Kasama na siguro yung *the fact* na *napupush to a corner. But before that, my mother would be travelling to the province.* Pagsakay sa tren minsan tutulungan pa siya ng *Japanese soldier. In fact, if you ask my mother, who died already, she had nothing to say bad against the Japanese.* Wala siyang masasabi... *Loss created by American bombardment. In other words, the destruction of the south part of Manila was due to fighting between American forces and Japanese forces.* Hindi mo na alam ngayon kung sino ang nakamatay, sino ang nakasira. E naglalaban, e. Gumagamit ng mga *155 cannons* yung *American,* how can you tell. *We know for a fact that the destruction of PGH was created by the Americans who destroyed it with their 155s, yes! The Japanese were soldiers,* wala naman silang kanyon dyan. *Kung ikakanyon sila iba naman ang tatamaan.* (2006)

Bilang primaryang naging bahagi ng mga pangyayari, may limitasyon si Dr. Dayrit bilang batis. Bilang kasangkot sa mga pangyayari, hindi maaasahang malaman niya ang mga bagay na malayo sa kaniyang tanaw, lalo na sa kaniyang matandang edad. Subalit, isang mahalagang aral ang iniwan sa atin ni Dr. Dayrit ukol sa muling pagtanaw ng liberasyon at digmaan, "*You have to say that we tend to just focus everything on the Japanese*—masama, *atrocity. And forget the fact that it was American cannons that destroyed [Manila].*

Makikita ito sa nangyari sa Remedios Hospital sa Malate noong 13 Pebrero 1945. Abala si Dr. Tony Lahorra, Nikolai Felix at Padre John Lallor sa pag-asikaso ng mga sugatan dahil sa pambobomba ng mga Amerikano, hindi alintana ang digmaan sa labas sapagkat may krus na pula sila sa kanilang bubungan. Bigla na lamang tinamaan ng pagkanyon ang ospital. Ayon kay Pedro M. Picornell, na sumulat ng *The Remedios Hospital: A Saga of Malate* (1995), at nakasaksi mismo sa insidente:

> *Shell after shell exploded all over the courtyard and against the hospital walls. Others penetrated the building exploding the operating room, the administrative area, and the upper wards office. I do not know how long the barrage lasted, but it stopped as suddenly as it started. I took a look at myself and felt all the parts of my body—I was stunned, but otherwise, I had not gotten a scratch.* (Escoda 2000, 249)

Sa kasamaang-palad, ang kaniyang ina at kapatid ay sugatan, at si Dr. Lahorra at Padre Lallor ay nasawi kasama ng iba pang naroon sa ospital. Sa pagkawala ng doktor, ang mga nakaligtas ang siyang umasikaso ng mga sugatan at namatay (Escoda 2000, 249-250).

Sa isang digmaan na ang dalawang panig ang nag-aasam ng pagkawasak ng isa't isa, walang isang panig lamang ang dapat sisihin sa karahasan at pagkawasak, at walang ibang tunay na biktima kundi ang mga walang-labang sibilyan.

## Paglalagom

Tunay ngang ang digmaan ang nakakapagpalabas ng mga pinakamasama, at pinakamabuting mga katangian ng tao. Walang saysay at tunay na kahayupan ang ginawa ng Hukbong Hapones na pagmasaker sa mga walang labang sibilyan, lalong-lalo na yaong mga maysakit sa mga pagamutan. Ang mga Amerikano rin na nagnanais palayain ang Maynila ay nagdulot ng panganib sa kanilang *artillery shelling* sa mga lugar at mga pagamutang pinaniniwalaang mayroong mga Hapones. Subalit sa kabila ng panganib, patuloy na nagbukas ang mga pagamutan at naging bukas-palad ang mga kawaning medikal sa mga nangangailangan. Nanatiling nanggagamot ang mga kawaning medikal, ang ilan pa nga ay nagbuwis ng buhay, upang maging tanglaw sa dilim ng gabi. Sa aking panayam kay Dr. Dayrit, nagpugay ako sa kabayanihan na kanilang ipinakita. Subalit para sa kaniya, ginawa lamang nila ang tungkulin, at bilang isang batang doktor pa lamang noon, tila hindi nila inalintala ang panganib. Buong kababaang-loob niyang sinagot ang aking pagpupugay batay sa *Hippocratic Oath*: "You were only living

from day to day. Wala ka naman ibang pupuntahan. You cannot get out. So you just stay put. Then you do what you can. Since we're doctors, we just treat the patients that come" (2006).

Sa kabila ng mga pagkasawi ng maraming tao sa panahon ng liberasyon na dulot ng kapuwa mga Hapones at mga Amerikano, sa giting at husay ng mga doktor at ng kanilang mga kawani, maraming buhay pa rin ang nailigtas. Sa bawat trahedya, lumalabas ang mga bayani, at ang tunay na lakas ng diwa at pagkataong Filipino.[17]

## Sanggunian


### Pangunahing Sanggunian

Dayrit, Conrado S. 2002. *History of Philippine medicine, 1899-1999.* Lungsod ng Pasig: Anvil Publishing, Inc.

__________. 2002. The UP medical professionals during the Japanese occupation. Nasa *History of Philippine medicine, 1899-1999.* Lungsod ng Pasig: Anvil Publishing, Inc.

__________. 2003. History of UP medicine class 1943 and of UP Manila. Nasa *The historic UP medicine class of 1943 (Most distinguished class of the year 2003) and of UP Manila.* Manila: Dr. Lino Ed Lim, Educational and Development Foundation.

__________. 2006. Personal na panayam. Unilab Research, Lungsod ng Mandaluyong, Marso 15.

Records of Trials of Accused Japanese War Criminals Tried at Manila, Philipppines by a Military Commission Convened by the Commanding General of the United States Army in the Western Pacific, 1945-47. Mga dokumento ukol kay Tomuyuki Yamashita Roll 29, Document 119-3.

### Pangalawang Sanggunian

Aluit, Alfonso J. 1995. *By sword and fire: The destruction of Manila in World War II, 3 February – 3 March 1945.* Lungsod ng Makati: Bookmark, Inc.

Agoncillo, Teodoro A. 1965. *The fateful years: Japan's adventure in the Philippines.* Lungsod Quezon: R.P. García Publishing Co.

Agoncillo, Teodoro A. at Milagros C. Guerrero. 1977. *History of the Filipino people.* Ikalimang edisyon. Lungsod Quezon: R.P. García Publishing Co.

Ang, Armando A. 2005. *The brutal holocaust: Japan's World War II atrocities and their aftermath.* May introduksyon ni Dr. Ricardo Trota José. Lungsod ng Manadaluyong: A1 Publishing.

Custodio, José Antonio. 1999. Manila: The decisive battle, a study on the battle for the liberation of Manila and its impact on the Pacific war. Tesis masteral, Departamento ng Kasaysayan, Unibersidad ng Pilipinas Diliman.

Escoda, José Ma. Bonifacio. 2000. *Warsaw of Asia: The rape of Manila*. Giraffe Books.

Hartendorp, Abraham Van Heynmgen. 1967. *The Japanese occupation of the Philippines*, tomo II. Lungsod ng Makati: Bookmark, Inc.

Huber, Dr. Thomas M. 2001. *The battle of Manila*. Combat Studies Institute.

Manuel, E. Arsenio. 2000. *Manuvu' social organization*. Lungsod Quezon: Palimbagan ng Unibersidad ng Pilipinas.

Miller, Donald L. 2001. *The story of World War II*. Touchstone.

Salazar, Zeus A. 1997. Si Andres Bonifacio at ang kabayanihang Pilipino. Nasa *Bagong kasaysayan: Mga pag-aaral sa kasaysayan ng Pilipinas*, lathalain blg. 2. Lungsod ng Mandaluyong: Palimbagang Kalawakan.

**Bidyo**

Spyron AV Manila Productions. 2007. Manila 1945: The forgotten atrocities.

Interfilm Asia at Tiger Films, Pte., Ltd. 2005. The battle of Manila.

## Mga tala

[1]Ang sipi ay tumutukoy sa mga kaganapan noong Labanan para sa Liberasyon ng Maynila (Miller 2001, 430).

[2]Sa paglalahad ng mga pangyayari noong Liberasyon ng Maynila, kinonsulta ang iba't ibang mga batis (Custodio 1999; Huber 2001; Agoncillo 1965; Aluit 1995; Escoda 2000; Spyron AV Manila 2007; at Interfilm Asia at Tiger Films, Pte., Ltd. 2005).

[3]Ang mga oras na ito ay tumutukoy sa oras pang-militar na noong panahon na ito sa Filipinas ay nakabatay sa oras sa Tokyo o *Daylight Saving Time* (DST) na isang oras na mas maaga.

[4]Malibang banggitin, ang mga datos ay nagmula sa mga dokumento ng *Paglilitis kay Yamashita.*

[5]Malibang banggitin, ang mga datos ay nagmula sa mga dokumento ng *Paglilitis kay Yamashita.*

[6]Pahayag ni Modesto Farolan, *Investigation of Burning of Downtown Manila by the Japanese Between 3 February and 7 February 1945*, Report no. 80, War Crimes Branch, Judge Advocate Section, General Headquarters, AFPAC, PNA Japanese War Crimes Records (Sinipi ni Custodio 1999, 175).

[7]Bagama't ayon sa isang ulat nang tumungo sa umaga ang mga Hapones, hindi nila pinahintulutan na itayong muli ang bandila ng krus na pula na bumagsak kinagabihan (Aluit 1995, 235).

[8]Malibang banggitin, ang mga datos ay nagmula sa mga dokumento ng *Paglilitis kay Yamashita.*

[9]Ayon kay Dayrit: "*Dr. 'Nene' García rose to the top of thoracic surgery, headed the Quezon Institute , directed the building of the Philippine Lung Center and became Secretary of Health.*"

[10]Ayon kay Dayrit: "*Victor Reyes became the premier neurosurgeon in the Philippines.*"

[11]*Ayon kay Dayrit: "Jack Jacinto, a top urologist."*

[12]Ayon kay Dayrit: "*Omy Reyes, a successful US practitioner.*"

[13]Ayon kay Dayrit: "*In 1961, Roy Villasor was the first to report on the use of BCG in the treatment of cancer. BCG stimulates the development of the body's cellular resistance to the cancer and has contributed significantly to many remission and cures. Villasor is recognized internationally for introducing this novel therapy of cancer now known as immunotherapy.*"

[14]"Certificate of Recognition to Col. Roy P. Villasor, 0-48834, MC (GSC) PA, Reserve" (Dayrit 2003, 28).

[15]Ayon kay Dayrit: "*Paulo Campos... who was to become the first president of the National Academy of Science and Technology, and a National Scientist.*"

[16]Kapwa batay sa mga panayam mismo kay Dr. Gisbert (Escoda 2000, 96; at Custodio 1999, 26).

[17]Ang papel na ito ay iniaalay kay Dr. Ricardo Trota José, guro, tagapayo, at pinakamahusay na nabubuhay na historyador ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa Filipinas, na inspirasyon ko upang maging isang mabuting historyador at guro; at sa aking mga estudyante sa Kasaysayan 1 sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman sa loob ng tatlong taon (2005-2008), at KasPil 1 at KasPil 2 sa Unibersidad ng De La Salle Maynila (Simula 2008), mga nakasabay sa paglalayag sa Balanghay Pangkasaysaysan (BANGKA). Nawa'y ang bagong henerasyong kanilang kinabibilangan ay hindi na magdanas ng lubhang kahayupan ng tao na tulad ng nangyari sa panahon ng digmaan. Ang susi ng kinabukasan ay nasa kanila.